

# Pagbuo ng Pangkalahatang Ortograpiya sa Pinagyamang Baybayin

Asia Pacific Journal of  
Management and  
Sustainable Development  
Vol. 10, No. 3, pp. 55-63  
September 2022  
Lumina Special Issue  
ISSN 2782-8557 (Print)

Joel B. Lopez

Department of Education,  
Schools Division of the City of Batac

*jfilesjdoc@gmail.com*

*Date Received: November 16, 2021 ; Date Revised: January 19, 2022*

**Abstrak** – Ang pangunahing dahilan kaya hindi nagpatuloy ang paggamit sa baybayin bilang paraan ng pagsusulat ay hindi ito kasing episyente ng alpabeto romano na dala ng mga mananakop sa bansa. Kung gagamitin ang baybayin ngayon, wala itong ortograpiya na nakahanay sa kasalukuyang praktika ng pagsusulat. Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na bumuo ng modernisado at episyenteng ortograpiya sa baybayin. Ginamit ang kuwalitatibong paraan ng pananaliksik na document analysis upang makalap mula sa mga dokumento ang katangian ng baybayin. Ginamit din ang Research and Development Process sa pag-aaral. Ang mga katangian ng Sinaunang Baybayin (SB) ay naitala, nagkaroon ng imbentaryo ng mga titik at simbolo, naanalisa sa kategorya, natukoy ang mga kakulangang grapema at nagawan ng tuntunin. Mula sa mga sinaunang titik ay nabuo ang mga karagdagang titik batay sa nakamihansan at sa kasalukuyang kahilingan ng praktika ng pagsusulat sa isang wika. Mula sa 17 sinaunang titik nabuo ang 19 pang karagdagang titik na kumakatawan sa iba pang mga tunog mula sa Wikang Pambansa at sa mga wika sa Pilipinas, maging sa Philippine English. Mayroon ding mga dagdag na kudlit at tuldik. Anim na pangunahing bahagi ng ortograpiya ang nabuo. Ang Pinagyamang Baybayin (PB) na siyang tawag sa kabuoang resulta ng pag-aaral ay may Napakataas na Baliditi. Iminumungkahi ang pagpapalaganap ng resulta ng pag-aaral na ito sa mga nagkakainteres sa baybayin at ang pagsusumite nito sa mga kaukulang ahensiya ng pamahalaan para sa pangmalawakang paggamit ng mga Pilipino. Upang higit itong mapakinabangan, iminumungkahi rin ang pagdebelop ng font-instoler ng PB nang sa gayon ay magamit ito sa mga kompyuter at elektronikong gadyet. Mahalaga rin ang pagsasagawa ng mas malawakang balidasyon nito sa mga grupong nagsusulong ng paggamit ng baybayin at ang pagtatasa sa pagiging katanggap-tanggap nito.

**Mga susing salita:** bagong titik ng baybayin, baybayin, ortograpiya, titik-baybayin, Pinagyamang Baybayin

## PANIMULA

Ang baybayin ang siyang paraan ng pagsusulat ng ating mga ninuno bago dumating ang mga Kastila sa bansa [1]. Ginamit ito sa panahon ng kolonisasyon hanggang sa ika-19 siglo [2]. Naitala ng mga Kastilang iskolar na isinusulat ng mga katutubo ang baybayin sa dahon at kawayan. Makikita rin ito sa *calligraphic signatures* ng mga datu at sa mga manuskrito ng mga pari [3].

Pinag-aralang gamitin ito ng mga mananakop upang higit na maipamahagi nila ang Kristiyanismo [1]. Nalimbag ang mga aklat ng dasal at mga babasahing kinapapalooban ng akdang may kaugnayan sa relihiyon [4]. Sa paglipas ng panahon, unti-unting naglaho ang paggamit nito. Bagaman binanggit ito ni Rizal sa kaniyang nobelang *El Filibusterismo* [5] at ginamit ni Bonifacio bilang simbolo ng Katipunan [6], tuluyan itong naglaho bilang paraan ng pagsusulat. Sa kasalukuyan, karamihang estetiko na lamang ang gamit nito.

Sa kaniyang paunang salita sa muling limbag na aklat ni De Castro [4] hinggil sa ortograpiya ng mga Tagalog sa baybayin na inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino

(KWF) ay tinukoy ni Almario [1] ang pangunahing dahilan ng paglalaho ng baybayin:

*Ang aklat ni P.A. de Castro ay isang pahiwatig na patuloy na ginagamit ng mga Filipino ang baybayin dahil pinag-uusapan ng mga mananakop hanggang ika-18 siglo, salungat sa malaganap na haka na sapilitan at biglaang pinatay ito ng pagpasok ng alpabetong romano. Naglaho lamang ito sa gunita ng mayoryang Filipino, sang-ayon na rin kay T.H. Pardo de Tavera, sa panahong napatunayan ng mga Kristiyanisadong Filipino na **higit na episyente ang itinuturong banyagang alpabeto** ng mga mananakop na Espanyol. Naglaho ito ngunit hindi upang patayin. [Akin ang emfasis].*

Ang nabanggit na dahilan ng paglalaho ng baybayin ang nais tugunan ng pag-aaral na ito. Nais nitong mabigyang lunas ang dahilan ng hindi pagpapatuloy ng paggamit sa baybayin – hindi ito kasing episyente ng alpabeto romano [1].

Isa sa mga puna ng inihaing panukalang batas ni Bataoil [7] ay walang kakayahan ang baybayin na kumatawan sa lahat ng tunog sa mga wika sa bansa at ang kakulangan nito ng mga titik na maaaring itumbas sa mga modernong titik na nasa alpabeto romano.

Mahalagang makaagapay ang baybayin sa kasalukuyang praktika ng pagsusulat upang mawala na ang mga balakid sa mas mainam at pangmalawakang paggamit nito.

May ilang pagkakaiba ng pagsusulat sa baybayin ng iba't ibang grupo etniko at maging ang mga grupong nagsusulong ng paggamit nito. Sa pamamagitan ng isang estandarisaadong tuntunin ay maaaring mas madaling gamitin ang baybayin sa pangkalahatan at nagkakaisang pamamaraan.

Kapag nangyari ito ay malaki ang posibilidad na gagamitin ng mga mamamayan ang baybayin. Sa ibang salita, ang resulta ng pag-aaral ay tutugon sa dahilan kung bakit hindi nagpatuloy ang paggamit sa Sinaunang Baybayin (SB) – hindi ito kasing episyente ng banyagang alpabeto [1]. Kapag naging episyente na ang baybayin batay sa kasalukuyang praktika ng pagsusulat, mawawala na ang balakid sa paggamit nito.

Hangad ng pag-aaral na ito na gawing modernisado, episyente at estandarisaadong paggamit sa baybayin bilang isang paraan ng pagsusulat sa kasalukuyang panahon, hindi lamang sa Filipino kundi sa lahat ng wika sa Pilipinas at maging sa Ingles. Pinakahangad nitong magamit ang baybayin sa pagsusulat sa kasalukuyang panahon at maging sa hinaharap – na kaya nitong maglaman ng mga kaalaman sa iba't ibang disiplina at larang at maaari itong magamit sa lahat ng wika sa bansa.

#### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na bumuo ng isang pangkalahatang ortograpiya sa Pinagyamang Baybayin (PB) para sa mga wika sa Pilipinas. Ang mga ispesipikong layunin nito ay: una, ilahad ang mga katangian at ortograpikong deskripsiyon ng SB; pangalawa, tukuyin ang mga katangian at grapema na maaari pang idagdag sa SB upang ito ay maging mas episyente at modernisado; pangatlo, bumuo ng mga ortograpikong tuntunin ng PB; at, pang-apat, tukuyin ang baliditi ng mga nadagdag na grapema at ang mga nabuong tuntunin.

#### MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

##### Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwalitatibong paraan na *document analysis* at ang *Research and Development (R&D) Process*. Para sa *document analysis*, nasuri ang mga akda at naitala ang mga

ortograpikong katangian ng baybayin batay sa *Creating an Orthographic Description* ni Hosken [8]. Para naman sa *R&D*, napapaloob sa *Planning Stage* ang pagsusuri sa mga literatura hinggil sa baybayin. Kasunod ang pag-imbentaryo ng mga grapema at katangian ng SB. Natukoy din ang mga katangiang maaaring idagdag upang lalong maging episyente ang baybayin batay sa kasalukuyang praktika ng pagsusulat. Para sa pagdaragdag ng mga grapema, natukoy muna ang dalawang tuntunin sa pagdaragdag upang mapanatili ang historikal na wangis at katangian ng SB.

Kabilang sa *Development Stage* ang pagbuo ng mga grapema, at mga ortograpikong tuntunin batay sa paraan ng Ortograpiyang Pambansa na siyang batayan ng lahat ng ortograpiya sa bansa at sa konsepto ng ponetikong alpabeto.

Para sa *Validation Stage*, ang mga dagdag na grapema at ang mga tuntuning nabuo ay dumaaan sa kaukulang balidasyon. Pangunahing tiningnan dito ay ang katutubo at historikal na batayan ng pagkakabuo ng mga dagdag na grapema at mga tuntunin.

#### Populasyon at Sampol ng Pananaliksik

Mula sa napakaraming bukal ng impormasyon, tatlo lamang ang masusing sinuri gamit ang *purposive sampling*. Kabilang sa *inclusion criteria* para sa mga akdang isasama sa pag-aanalisa ay ang pagiging komprehensibo nito. Ang aklat ni Pedro Andres De Castro, Baybayin: Ortograpiya at mga Tuntunin sa Pagsulat sa Wikang Tagalog, na isinalin ni Elvin R. Ebreo at inilimbag ng KWF [4] ang nagsilbing pangunahing reperensiya sa pagbuo ng mga pangkalahatang tuntunin sa pagsusulat sa baybayin. Pumasa rin sa pamantayan bilang bukal ng mga impormasyon ang blog nina Nordenx [9] at Morrow [10].

Para naman sa baliditi ng awtput ng pag-aaral, parehong ginamit ang *convenience* at *purposive sampling*. Labindalawang tagamasid pang-edukasyon sa tanggapan ng mananaliksik ang tumingin sa baliditi ng PB. Lahat sila ay may alam hinggil sa baybayin at nakadalo ng seminar hinggil dito.

#### Ang mga Instrumentong Ginamit

Dalawa ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito. Ang una ay ang pormularyong pagtatalaan ng mga katangian at ortograpikong deskripsiyon ng baybayin na binubuo ng apat na bahagi: (1) ang pamagat at may akda ng aklat/dokumento, (2) hanay na pagtatalaan ng mga katangian at ortograpikong deskripsiyon ng SB, (3) hanay na pagtatalaan ng mga katangian at ortograpikong

deskripsiyon ng modernong baybayin, at (4) hanay na paglalagyan ng kategorya ng mga deskripsiyon at pagsusuri sa mga kailangan pang idagdag upang higit itong maging episyente at modernisado. Ang pangalawa, pangatlo at pang-apat na hanay ay batay sa ortograpikong deskripsiyon ni Hosken [8]. Ang pangalawang instrumento ay para sa pagtataya ng baliditi ng PB. Dumaan ito sa *reliability test*. Mayroon itong napakataas ng relayabiliti na ipinapahiwatig ng .996 na valyu ng *Chronbach's Alpha*.

### Istatistikal na Paglalapat

Ginamit ang *frequency* sa mga imbentaryo ng mga karakter ng baybayin at ang *mean* naman para sa antas ng baliditi ng PB na nadisenyo gamit ang *four-point Likert Scale*.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

### Katangian ng Sinaunang Baybayin

**Sosyolingguwistiko.** Ang baybayin ang tawag sa paraan ng pagsusulat ng mga katutubo bago dumating ang mga Kastila sa bansa. Nagpatuloy ang paggamit nito hanggang sa unti-unting naglaho. Upang mas mabisang maipalaganap ang pananampalatayang Kristiyano, pinag-aralan at ginamit din ito ng simbahan. Mayroon ding mga dayuhan ang nagkainteres upang ito ay pag-aralan.

Sa ngayon, may mga grupong nagsusulong ng paggamit ng baybayin. May isang panukalang batas na nais itong gawing pambansang paraan ng pagsusulat. Ito ay ipinanukala ni Kong. Leopoldo Bataoil [7]. May mga grupo ring sumusuporta at nagsusulong sa paggamit ng baybayin hindi lamang sa larangan ng arte [3] kundi pati na rin sa kultural na konsiderasyon at pambansang pagkakakilanlan [11].

Kamakailan lang ipinalabas ng isang kautusang ehekotibo na nagtatakda sa taong 2021 bilang *Year of Filipino Pre-colonial Ancestors* [12]. Naglalayon itong pabulaanan na ang ating mga ninuno ay hindi mga barbariko kundi mga magigiting na mamamayan na naninirahan sa isang sibilisadong komunidad. Ang baybayin ang pinakamatibay na ebidensiya nito [1].

Kung ang eksaktong bilang ng populasyon na gumagamit sa baybayin ang pag-uusapan, walang sapat na datos ang makapagsasabi nito. Mangilan-ilan lamang ang mga mamamayan na nakasusulat at nakababasa ng baybayin.

**Imbentaryo ng mga Karakter.** Ang SB ay binubuo ng 17 titik. May tatlo itong patinig, ang A, E/I, at O/U. Mayroon ding 14 glif (glyph sa Ingles) o titik na may kasamang tunog /a/; ba, ka, da, ga, ha, la, ma, na, nga, pa, sa, ta, wa, at ya [4].

Ang tunog /a/ sa mga titik ng SB ay napapalitan at naaalis. Gamit ang kudlit na malaking tuldok sa itaas ng titik, ito ay nagiging /e/ o /i/. Kapag ang kudlit nito ay nasa ibaba ng titik, ito ay nagiging /o/ o /u/ [4].

Hindi noon isinusulat ang piping titik. Idinadagdag na lamang ito ng isang matalinong mambabasa kapag binabasa na niya ang isang salita. Ang isang tunog katinig naman na nasa unahan ng pantig ay isinusulat pa rin na titik na may kasamang tunog /a/ [4]. Nalalaman na rin ito ng mambabasa. Ipinakilala naman ni F. Lopez [1] ang paggamit ng maliit na krus sa ibaba ng titik bilang pang-alis sa kasamang tunog /a/ ng titik. May mga pumuna rito at sinabing taliwas ito sa tunay na kahulugan ng krus sa Kristiyanismo [1]. Kalaunan, ginamit ang iba pang mga marka bilang kapalit nito.

May dalawang bantas din ang SB, ang isa o dalawang maliliit na nakatayong guhit pagkatapos ng salita [4]. Ang mga numero ay isinusulat na mga salita, walang bukod na simbolo ang mga ito [13].

**Dagdag na Katangian at Deskripsiyon.** Ang baybayin ay isang *alphasyllabary* na kabilang sa Bramic iskrip [14]. Binanggit ni De Castro [4] ang mga katangian nito. Narito ang ilan sa mga ito: Magkaiba ang pagkakasulat ng katinig sa unahan ng pantig at ang nasa hulian ng pantig. Ang nasa unahan ng pantig ay isinusulat na may kasamang tunog /a/, samantalang hindi isinusulat ang katinig na nasa hulian ng pantig. Sa *Sining ng Wikang Tagalog* ni de San Agustin ang U ay sinasabing likido sa ilang mga salita kaya hindi na tinutumbasan ang U kapag isinulat ang salita sa baybayin [4]. Magkapareho ang simbolo ng E at I, at ang O at U. Tatlo lamang ang bukod na patinig. Nawawala rin ang mga diptonggo sa mga salitang nasa alpabeto romano kapag ang mga ito ay naisabaybayin. Walang simbolo ng diin ang SB. Ang mga diin ng salita ay binibigkas na lamang ng isang matalinong mambabasa. Tinawag ang unang titik na AA, ang pangalawa ay baba, gayundin ang iba pang mga letra [4].

### Ortograpiya ng Pinagyamang Baybayin

Nabuo ang anim na pangkalahatang tuntunin sa PB. Kabilang sa mga ito ang tungkol sa grapema, pantig at palapantigan, pagbaybay na pasalita, pagbaybay na pasulat, pagsulat ng numero at paggamit sa mga tuldik [15].

Narito ang mga tuntunin at ang mga paliwanag sa mga ito: **Grapema.** Tatlo ang pangunahing uri ng grapema ng PB: titik, kudlit at bantas.

Makikita sa Talahanayan 1 ang kabuoan ng mga titik-baybayin. May dalawa itong uri, ang titik-batayan at ang titik-dagdag. Bawat isa sa mga titik na ito ay may kani-kanilang set ng titik-nakudlitan at titik-katinig (piping titik).

Talahanayan 1. Mga Titik ng Pinagyamang Baybayin

Titik-Baybayin (36)			
Titik-Batayan (24)		Titik-Dagdag (12)	
Titik-Sinauna (17)	Titik-Moderno (7)	Titik-Digrapo (6)	Titik-Advans (6)
(Set ng Titik-Baybayin) Titik-Nakudlitan at Titik-Katinig			

**Titik.** May 36 titik ang PB. **Titik-batayan** ang tawag sa mga titik ng SB na binubuo ng 17 **titik-sinauna** (A, I, U, ba, ka, da, ga, ha, la, ma, na, nga, pa, sa, ta, wa, ya) [2] at mga titik ng modernong baybayin na kinabibilangan ng pitong **titik-moderno** (E, O, fa, ja, ra, va, za) [9][10]. May kakayahan ang mga titik-batayan at ang kani-kanilang titik-nakudlitan at titik-katinig na kumatawan sa lahat ng tunog ng mga wika sa Pilipinas at maging ang mga tunog sa Philippine English. Ibig sabihin, makasasapat ang mga ito upang maisulat ang lahat ng tunog ng mga wika sa bansa.

Ang 12 **titik-dagdag** naman ay may dalawang uri, ang anim na titik-digrapo at anim na titik-advans.

Isa sa mahahalagang katangian ng PB ay ang pagkakaroon nito ng simbolo para sa natatanging digrapo (ts, sh, th, kh), banyagang tunog (đ, ð) at mga hiram na titik (c, q, x, ll, ñ, rr) na may kasintunog sa titik-batayan. Ang mga titik-dagdag ay mga karagdang titik lamang. Kahit wala ang mga ito ay maisusulat pa rin nang maayos ang mga salita sa Filipino at sa mga katutubong wika. Ngunit sa mga espesyal na kaso, ginagamit ang mga ito.

Ang **titik-digrapo** ay nabuo upang lalong mas mapagaan ang paggamit ng baybayin, maaaring gamitin ang mga titik-digrapo na binuo mula sa mga titik ng SB.

May digrapong SH ang Ibaloy. Mayroon ding KH at TH ang Mëranaw. Ang mga ito ay kabilang sa OP, gayundin ang TS sa Filipino na kapareho ng CH sa Ingles at Espanyol [15]. Mayroon ding dalawang tunog ng TH sa Ingles.

Maaaring isulat ang dalawang titik para sa mga tunog na nabanggit ngunit mas mainam kung ang mga ito ay may bukod na titik na nabuo mula sa mga titik ng SB.

Ang mga **titik-advans** naman ay binubuo ng anim na titik na may kaparehong tunog mula sa titik-batayan. Kahit wala ang mga titik na ito, ay sapat ang ibang mga titik upang maisulat ang mga salita batay sa mga tunog nilang taglay, ngunit mahalaga pa rin ang anim na titik-advans para sa mga tanging ngalan, akronim, daglat, inisyals at simbolong pang-aghaw/matematika upang mapanatili ang *graphemic equivalent* ng mga titik sa OP at ng mga titik sa PB. Kapag ginamit ang mga titik-advans na C, Q at X sa mga pangalan o salita, ginagamitan ito ng

balanghay na nangangahulugang hindi binabasa ang titik sa ponetikong paraan ng PB kundi sa paraan ng pinanggalingan nitong wika gamit ang alpabeto romano. Ang mga titik-advans ay tatawagin sa ngalan nila sa Ingles/Espanyol.

Para sa panghinaharap pang mga titik, kapag hiningi ng praktika at pangangailangan, maaari pa ring magdagdag ng mga titik. Ibabatay ang pagbuo ng mga titik sa dalawang pangunahing panuntunan – ang pagsasanib ng bahagi ng dalawang titik ng SB at ang pagdaragdag ng guhit sa titik.

Dalawang banyagang tunog-Ingles ang mayroon nang katumbas na titik-baybayin, ang digrapong TH (đ) at isa pang TH (ð). Iba ang tunog ng mga ito sa pinagsamang tunog ng dalawang titik. Kailangan din ng titik (na ponetiko) para sa mga ito upang makita ang pagkakaiba sa tunog at kahulugan ng *den* (den) at *then* (ðen) at *tin* (tin) at *thin* (θin) kapag isinabaybayin ang wikang Ingles. Mayroon ding handang mga titik para sa International Phonetic.

**Kudlit.** Binabago ng kudlit [4] ang anyo at tunog ng titik. May apat na uri ang kudlit: kudlit-pamalit, kudlit-pangkaltas, kudlit-pang-ulit, at kudlit-advans. Sa PB, dalawang simbolo lamang ang ginagamit na mga kudlit, ang malaking tuldok (•) at maliit na guhit ( - , |). Nag-iiba ang kahulugan ng mga ito batay sa kinalalagyan nila.

Ginagamit ang **kudlit-pamalit** upang palitan ang tunog na /a/ sa titik-batayan [4]. Apat ang kudlit-pamalit: ang kudlit-e, kudlit-i, kudlit-o, at kudlit-u. Matapos mapalitan ang tunog /a/ sa titik-batayan, ito ay nagiging titik-nakudlitan. Magkapareho ang wangis ng kudlit para sa /e/ at /o/, dahil parehong malata, malambot o malumay ang bigkas ng mga ito. Pareho rin ang kudlit ng may matigas na bigkas na /i/ at /u/. Ang kudlit sa malambot na bigkas ay maliit na pahigang linya (-). Ang kudlit sa matigas na bigkas ay malaking tuldok (•) na siyang ginamit sa SB. Nasa taas ng titik ang kudlit ng “e” at “i”; nasa baba naman ang kudlit ng “o” at “u”.

Mayroon ding pagpapaikli ng pagkakasulat kapag ginamit ang iisang kudlit sa magkaparehong titik-batayan. Maaaring paikliin ang pagkakasulat ng dalawang magkaparehong titik-nakudlitan na may magkaparehong kudlit-pamalit. Nagsasama sa pagkakasulat ang dalawang magkaparehong titik-nakudlitan sa dalawang magkasunod na pantig na may anyong *\_e\_e, \_i\_i, \_o\_o, \_u\_u, \_e\_i, \_i\_e, \_o\_u, at \_u\_o* [9] [10].

**Kudlit-pangkaltas** ang tawag sa kudlit na nag-aalis sa tunog /a/ ng titik. Sa PB, ito ang patayong bahagi (|) ng maliit na krus (+) na ginamit ni F. Lopez sa kaniyang salin sa Ilokano ng Doctrina Christiana [16] noong 1621 bilang pang-alis sa tunog /a/ ng titik. Pareho ang gamit nito sa mga virama at markang sinawali,

pamudpod, kawil, at sabat. Kung alin sa mga marka ang gagamiting simbolo upang alisin ang tunog /a/ ng titik, ay isang estilo lamang. Matapos maalis ang tunog /a/ sa titik o kapag ang titik ay may kudlit-pangkaltas, ito ay nagiging “piping” titik o titik-katinig. Katumbas nito ang mga katinig sa OP.

Mayroon ding **kudlit-pang-ulit**. May limang uri ito: pahantig, padalawa, patatlo, padala-dalawa at paulit-buo. Ginagamit ang kudlit-pang-ulit sa mga nauulit na tunog katinig sa isang pantig, sa isa o dalawang magkasunod na pantig na nauulit, at sa buong salitang nauulit. Narito ang deskripsiyon ng limang kudlit-pang-ulit: (1) Ang **pahantig** ay isang malaking tuldok pagkatapos ng isang titik [9]. Ito ay nangangahulugang ang tunog katinig sa unahan ng pantig ay siya ring tunog katinig sa dulo nito. (2) Ang **padalawa** ay dalawang malalaking tuldok pagkatapos ng isang pantig. Ito ay nangangahulugang nauulit ang pantig na nasa unahan nito. Para ito sa pantig ng titik-batayan na nauulit at sa anumang uri ng pantig na nauulit maliban sa mga pares ng mga tunog patinig na e, i, o at u. (3) Ang **patatlo** ay tatlong malalaking tuldok pagkatapos ng isang pantig. Ito ay nangangahulugang tatlong beses na nauulit ang pantig na nasa unahan nito. Nagagamit ito sa lahat ng uri ng pantig at sa mga onomatopeikong pagsulat. (4) Ang **padala-dalawa** ay dalawang guhit pagkatapos ng isang pantig. Ito ay nangangahulugang uulitin ang dalawang magkasunod na pantig sa unahan nito. (5) At, ang **paulit-buo** ay tatlong guhit pagkatapos ng isang pantig. Ito ay nangangahulugang uulitin nang buo ang salita sa unahan nito para makabuo ng isang bagong salita [10].

Nadagdag sa PB ang dalawang kudlit-advans; ang balanghay at ang kawit [10].

Gagamitin ang **balanghay** sa mga tanging ngalan [10] at sa mga iba pang salita na hindi isinabaybayin. Ibig sabihin, kapag ang isang salita ay ikinulong sa balanghay, literal na tinutumbasan ang mga titik romano ng titik-baybayin at binabasa ito sa kung paano binabasa sa pinanggalingang wika. Para itong kotasyon na marka sa isang salita. Ginagamit din ito upang mapanatili ang uniknes at ispeleng ng mga tanging ngalan sa alpabeto romano at bilang pagtalima sa mga tuntunin ng ibang wika hinggil sa pagsulat ng mga salita. Ito rin ay nagsisilbing tanda o pasintabi upang hindi sundin ang pangunahing tuntunin ng ponetikong baybayin na, “Kung ano ang sulat, siyang bigkas.” Sa teknikal na paliwanag, dahil sa ang mga titik-baybayin ay ponetikong alpasilabaryo, nilalagyan ng balanghay ang anumang salita na hindi binabasa sa ponetikong paraan. Kapag ang isang salita o mga salita ay nasa loob ng balanghay, binabasa ito sa paraan ng OP o sa paraan ng wikang pinanggalingan nito.

Ang **kawit** naman ay isa rin sa mga bagong marka sa PB. Ito ay may espesyal na gamit. Gagamitin ito bilang tanda na ang titik-baybayin ay nasa malaking titik. Kailangang makita ang malalaki at maliliit na titik sa mga simbolong kimikal sapagkat makabuluhan ang malaking titik gaya ng simbolong NaCl at Ag. Kailangang lagyan ng kawit sa unahan ng N, C, at A upang ipahiwatig na malalaking titik ang mga ito.

Gayundin sa kaso ng mga simbolo sa matematika at sa estadistika, sa mga kasong may natatanging kahulugan ang malaking titik na iba ang kahulugan sa maliit na titik tulad ng N (populasyon) at n (sampol). Kailangang lagyan ng kawit ang unang “N” upang ipahiwatig na ang katumbas nito ay malaking letra at nang sa gayon ito ay tutukoy sa populasyon at maiba ang kahulugan nito sa maliit na “n” na tumutukoy sa sampol.

**Bantas**. May limang pangunahing bantas o panulbok [4] na naka-baybayin. Ang tuldok (.) at kuwit (˙) ang naging batayan upang mabuo ang iba pang bantas na tandang pananong (?), tandang padamdang (!), tuldok-kuwit (;) at tutuldok (:).

**Ang Pantig at Palapantigan**. May natatanging **kayarian ng pantig** ang PB: ang pantig ng titik-batayan (B), ang pantig ng titik-nakudlitan (N), at ang pantig ng titik-batayan/titik-nakudlitan na may kasamang titik-katinig (K). Labing-isa ang kayarian ng pantig sa PB: B, N, BK, NK, KB, KN, KBK, KNK, NKK, BKK at KBKK.

Para naman sa **pagpapantig ng mga salita**, ang batayn ng pagpapantig sa PB ay batay sa mga titik-baybayin, ang kayarian ng pantig nito at sa pagkakabigkas ng mga salita. Narito ang limang tuntunin: (1) Lahat ng titik-batayan at titik-nakudlitan ay ibinibilang na pantig. (2) Kapag may titik-katinig sa unahan ng salita ito ay kabilang sa pantig ng kasunod na titik-batayan/titik-nakudlitan. (3) Kapag may titik-katinig sa pagitan ng dalawang titik-batayan/titik-nakudlitan, ito ay kabilang sa pantig ng unang titik-batayan/titik-nakudlitan. Hindi nito saklaw ang titik-digrapo tulad ng TS/CH sapagkat ibinibilang ito na iisang tunog at may bukod na titik. (4) Kapag may dalawang magkasunod na titik-katinig sa pagitan ng dalawang titik-batayan/titik-nakudlitan, ang mga ito ay kabilang sa pantig ng unang titik-batayan/titik-nakudlitan. (5) At, kapag may tatlong magkakasunod na titik-katinig sa pagitan ng dalawang titik-batayan/titik-nakudlitan ang unang dalawa ay kabilang sa pantig ng unang titik at ang pangatlo ay sa ikalawang titik.

**Ang Pagbaybay na Pasalita.** Sa ponetikong baybayin, “Kung ano ang bigkas, siyang sulat.” Kaya, ang bigkas ng mga titik-batayan at titik-nakudlitan ay siya rin ang sulat nito, gayundin ang mga titik-katinig. Halimbawa, ang titik-katinig ng titik-batayan na “ba,” sapagkat ito ay “piping” titik [4], ay bibigkasin na walang kasamang tunog /a/, /b/. Ang baybay na pasalita ng “ba” ay /ba/, ang “be” ay /be/, ang “bi” ay /bi/, ang “bo” ay /bo/, ang “bu” ay /bu/, at ang “b” ay /bēh/. Kapag isinusulat ang mga pabigkas na titik patinig sa alpabeto romano, ginagamit ang malaking letra para maipakita ang kaibhan ng mga ito sa “a” na nasa mga titik-batayan. Kapag binabaybay nang pabigkas ang mga titik-advans na “c,” “q” at “x,” ginagamit ang tawag nila sa Ingles upang maibukod sa tawag ng mga katunog na titik-batayan. Ang “ca” ay hindi /ka/ kundi /si ey/, ang “qa” ay hindi /ka/ kundi /kyu ey/ at ang “xa” ay hindi /sa/ o /ksa/ kundi /eks ey/. Binabaybay naman na pabigkas sa paraang Espanyol ang “ña” na /nya/; ang “lla” na /lya/ at ang “rra” na /rra/.

Nailarawan din sa pag-aaral na ito ang mga pabaybay na pasalita ng mga pantig, salita, akronim, inisyals, daglat, at simbolo sa siyensiya at matematika.

**Ang Pagbaybay na Pasulat.** Ang payak na tuntunin ng ponetikong baybayin sa pagbaybay na pasulat ay, “Kung ano ang bigkas, siyang sulat.” Babaybayin ang mga salita gamit ang mga titik-baybayin. Sumusunod dito ang kaso ng “manga” na hindi “mga.” Dahil sa ang baybayin ay isang ponetikong alpasilabaryo, ang “nang” ay isinusulat na “nang”, at ang “ng” ay “nang” din, pero kung nais ipakita ang kaibhan ng gamit nito at panatiliin ang pagkakasulat nito sa OP, ikinukulong ito sa balanghay, (“ng” na ikinulong sa balanghay), upang ipakita na hindi ito binabasa sa ponetikong paraan ng baybayin kundi sa paraan nito sa OP. Kapag ang salita ay may katinig na c, q, x, j (na /h/ ang tunog), kailangang lagyan ng balanghay sa unahan at dulo ng salita upang ipakitang hindi ito susunod sa ponetikong katangian ng PB. Susundin din ang iba pang tuntunin ng pagbaybay na nakapaloob sa isang wika kapag ito ay ginamitan ng balanghay.

Para sa gamit ng titik-advans, gaya ng nabanggit na sa unahan, ginagamit lamang ang mga titik-advans sa mga tanging ngalan, akronim, daglat at inisyals, at mga banyagang salita na hiniram ngunit hindi binago ang ispeling o ang mga salitang ginamitan ng balanghay. Tandaan, ang mga titik-advans na c, q, at x ay hindi kabilang sa ponetikong alpasilabaryo ng baybayin, kaya ikinukulong sa balanghay ang mga salita na nagtataglay ng mga titik na ito. Hindi naman ikinukulong sa balanghay ang mga titik-advans na hiram sa Espanyol; ang ll (ly), ñ (ny) at rr (rr) sapagkat may bukod na tunog ang mga ito.

Para naman sa gamit ng titik-digrapo, ang mga titik-digrapo ay may bukod na tunog na iba sa tunog ng mga

titik na nakapaloob dito, kaya, ito ay nangangailangan ng bukod na simbolo gaya ng simbolo ng “nga,” hindi ginamit dito ang simbolo ng “na” at “ga.” Binuo ang mga titik-digrapo (sha, tsa, tha, kha) upang lalong mapaikli ang pagkakasulat ng mga salita at magkaroon ng bukod na simbolo ang natatanging tunog ng mga ito, at nang sa gayon ay madaling maiayon ito sa payak na tuntunin ng pagbaybay.

Sa kaso naman ng kambal-patinig, isa lang na titik-batayan/titik-nakudlitan ang nasa isang pantig. Dahil dito, hindi magiging problema ang kambal-patinig. Palaging naghihiwalay ang pantig ng magkasunod na patinig, at walang titik-batayan/titik-nakudlitan na nagtataglay ng dalawang tunog patinig. Sa ibang salita, dahil iisa lang ang tunog patinig sa bawat pantig, hindi magkakaroon ng kaso ng kambal-patinig gaya ng UA at IA dahil ang mga ito ay “wa” at “ya” lamang ang pagkakasulat. Hindi maaaring pagsamahin sa iisang pantig ang U at A sapagkat ang magiging basa nito ay /u/, /a/ at ang sulat ay UA, ang mga ito ay titik-batayan kaya nasa magkaibang pantig; gayundin ang I at A na ang basa ay /i/ at /a/ at ang sulat ay IA. Awtomatikong magkahiwalay din ang pantig ng dalawang magkasunod na malalakas na unang patinig (A, E, O).

Sa kaso ng reispeling, sa pangkalahatan, ang lahat ng salita ay dumaraan sa pagbabago ng ispeling gamit ang payak na tuntunin, “Kung anong bigkas, siyang sulat.” Ang mga salitang Ingles halimbawa ay dumaraan sa reispeling kung ito ay isusulat sa baybayin maliban na lamang kung gagamitin ang balanghay.

**Pagsulat ng Numero.** Walang simbolong pangnumero ang baybayin. Ang bilang o numero ay isinusulat noon na salita [9] [10]. May mga tumalakay sa bulilang subalit, para sa kasalukuyang panahon, gagamitin ang *hindu-arabic numeral* sa baybayin gaya ng paggamit sa mga ito ng ibang sistema ng pagsusulat na hindi nakaalpabeto romano. Gayundin, ang iba pang simbolo sa matematika, siyensiya at iba pang disiplina ay hindi na kailangang isabaybayin pa.

**Paggamit ng mga Tuldik.** Dahil mahalaga ang tamang bigkas ng salita, sa angkop na panahon – kapag may kasanayan na sa paggamit ng baybayin, iminumungkahi rin ang paggamit ng mga tuldik. Ipinakilala ng OP ang kahalagahan ng mga tuldik o asento. Ayon dito, ginagamit “ang tuldik upang mapatiyak ang wastong bigkas lalo na sa mga salitang magkakatulad ng baybay ngunit nagbabago ang kahulugan dahil sa bigkas” [15]. Sa PB ay mayroon ding tuldik pahilis, tuldik paiwa, at tuldik pakupya. Ang mga espesipikong gamit ng mga ito ay nakadepende sa tuntunin ng isang wika. Sa OP, detalyado ang gamit ng mga ito. Inilalagay ito sa gitnang taas ng titik. Sa PB, ito ay inilalagay sa taas na kanang bahagi ng titik.

Bagaman mayroon nang nakaantabay na simbolo para sa mga tuldik, hindi muna iminumungkahi ang paggamit ng mga ito sa ngayon lalong-lalo na at nag-uumpisa pa lamang ang muling paggamit sa baybayin.

Isa ring mahalagang tuldik ang tuldik patuldok. Ito ay kumakatawan sa “bigkas na schwa na matatagpuan sa mga katutubong wika gaya ng Mëranaw, Pangasinan, Ilokano at Ibaloy” [15], at maging sa Ingles. Ang kambal na tuldok ay inilalagay sa taas ng guhit ng kudlit ng *\_e*. Iminumungkahi ang paggamit nito upang maipakita ang katangian ng ilang katutubong wika.

Sa pamamagitan ng pangkalahatang ortograpiya sa PB, mabibigyan na ng lunas ang pangunahing dahilan ng hindi pagpapatuloy sa paggamit ng baybayin. Kasing-episyente na ito ng alpabeto romano o mas hinigitan pa nito dahil sa katangiang ponetiko at sa mga dagdag na titik-digrapo. Kaya rin ng PB na saklawin ang lahat ng wika sa bansa at maging ang Philippine English at ang International Phonetic Alphabet. Ibig sabihin nito na may iisang ortograpiya para sa lahat ng mga wika. Maaari itong mangyari sapagkat ang PB ay isang ponetikong alpasilabaryo. Ibig sabihin, bawat simbolo ay may natatanging tunog. Ang isang grapema, saanman nakalagay sa isang salita ay nagtataglay lamang ng iisa at natatanging tunog.

**Baliditi ng Pinagyamang Baybayin.** May napakataas na baliditi ang PB. Mayroon itong over-all mean na 3.98. Ibig sabihin nito na ang mga tuntuning nabuo ay may lohikal at matibay na batayan. Hindi ito bunga ng imahinasyon lamang. Nakasalig ang mga ito sa literatura at kasaysayan ng baybayin.

Ang dalawang tuntuning ginamit sa pagbuo ng mga bagong titik, ang pagdaragdag ng guhit sa SB at ang pagsasanib ng dalawang titik ng SB, ay napakabalid. Pinananatili ng mga ito ang kultural na wangis ng mga titik gaya ng ginawa sa E, fa, O, ra, va, za, sha, kha, tha, ða, Øa, qa, lla, ña, at rra na dinagdagan ng maliit na guhit ang titik ng SB na may kalapit na tunog; at gaya ng ginawa sa ja, tsa/cha, ca, at xa na pagsasanib ng dalawang titik ng SB.

Napakabalid din ang paggamit sa pahigang maliit na guhit sa itaas (para sa tunog /e/) at ibaba (para sa tunog /o/) ng titik; at ang patayong maliit na guhit sa itaas ng titik (para sa mga titik-katinig sa unahan at sa may gitna ng pantig) at sa ibaba ng titik (para sa mga katinig na nasa dulo ng pantig at sa mga katinig na nag-iisa) upang magpahiwatig na walang kasamang tunog /a/ ang titik.

Mayroon ding sapat na batayan ang pagbuo ng mga kudlit-advans na balanghay at kawit, kaya ang mga ito ay napakabalid din kasama ng mga bantas.

## **KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Bilang bahagi ng sosyolingguwistikong katangian, ginamit ng mga katutubo ang baybayin bilang paraan ng pagsusulat. Nagpatuloy ang paggamit nito sa panahon ng pananakop subalit unti-unting itong naglaho sa gunita ng mayoryang Pilipino. Sa kasalukuyan, may mga ilang grupong gumagamit at nagsusulong nito.

Ang baybayin ay kabilang sa Bramic script. May 17 titik ang SB. Ang malaking tuldok ang ginamit sa taas/baba ng titik upang pamalit sa kasamang tunog /a/ ng titik. Kalaunan, ginamit ang maliit na krus sa baba ng titik bilang tanda na wala itong kasamang tunog /a/. Ginamit din ang isa o dalawang linya bilang bantas at ang mga numero ay isinusulat na parang salita.

Upang maging episyente ang baybayin sa kasalukuyang praktika ng pagsusulat, kailangan madagdagan ito. Sa PB, 19 titik ang nadagdag. Ginamit din ang maliit na guhit para sa malumay na E at O at bilang katumbas ng maliit na krus na nag-aalis sa tunog /a/ ng titik. Para sa pagbuo ng mga bagong titik, ginamit ang dalawang tuntuning na pagdaragdag ng guhit sa sinaunang titik at ang pagsasanib ng dalawang sinaunang titik.

Nabuo ang anim na pangkalahatang tuntuning pang-ortograpiko ng PB. Tinalakay dito ang tungkol sa grapema, pantig at palapantigan, pagbaybay ng pasalita, pagbaybay na pasulat, pagsulat ng numero at paggamit ng tuldik. Ang mga ito, kabilang ang mga bagong titik ay napakabalid.

Matutugunan ng resulta ng pag-aaral na ito ang pangunahing dahilan ng hindi pagpapatuloy sa paggamit sa baybayin. Mabibigyan din ng tugon ang ilang puna hinggil sa pagsasabatas ng paggamit sa baybayin bilang pambansang paraan ng pagsusulat. Ito ang magsisilbing sagot sa hindi pagiging angkop ng baybayin sa praktika ng kasalukuyang paraan ng pagsusulat.

Iminumungkahi ang mas malawak na balidasyon ng PB dahil limitado lamang sa iisang tanggapan ang pagtatasa sa pagiging balid nito. Upang higit itong mapakinabangan at maipalaganap, iminumungkahi rin ang pagdebelop ng font-instoler nito.

Ang susunod na mahalagang pagtuunan ng pansin ay ang pagiging katanggap-tanggap ng PB sa mga ahensiya ng gobyerno at sa mga grupong nagsusulong ng baybayin. Maski ito ay masasabing mas modernisado at episyente na, kailangan itong tanggapin ng madla. Ang usapin ng estandardisasyon ay masalimuot na proseso pero kailangan itong masimulan

at talakayin. Ang PB ay inaasahang makakatulong sa talakayang ito.

APENDISE A

ANG QR CODE NG FONT-INSTOLER NG PINAGYAMANG BAYBAYIN

(Agad na tinapos ang mungkahi ng pag-aaral na ito na pagdebelp ng font-instoler ng Pinagyamang Baybayin.)



APENDISE B

MGA TITIK /GLIF NG PINAGYAMANG BAYBAYIN

Titik-Baybayin	Set ng mga Titik				
	Titik-Nakudlitan				Titik-Katinig
ᜆ (A)	ᜈ (ba)	ᜉ (bi)	ᜊ (bo)	ᜋ (bu)	ᜌ (b)
ᜎ (da)	ᜏ (de)	ᜐ (di)	ᜑ (do)	ᜒ (du)	ᜓ (d)
᜔ (E)	᜕ (fa)	᜖ (fe)	᜗ (fi)	᜘ (fo)	᜙ (fu)
᜛ (ga)	᜜ (ge)	᜝ (gi)	᜞ (go)	ᜟ (gu)	ᜠ (g)
ᜡ (ha)	ᜢ (he)	ᜣ (hi)	ᜤ (ho)	ᜥ (hu)	ᜦ (h)
ᜨ (I)	ᜧ (ja)	ᜩ (je)	ᜪ (ji)	ᜫ (jo)	ᜬ (ju)
ᜭ (ka)	ᜮ (ke)	ᜯ (ki)	ᜰ (ko)	ᜱ (ku)	ᜲ (k)
᜴ (la)	᜵ (le)	᜶ (li)	᜷ (lo)	᜸ (lu)	᜹ (l)
᜺ (ma)	᜻ (me)	᜼ (mi)	᜿ (mo)	᜾ (mu)	᜿ (m)
᜾ (na)	᜿ (ne)	᜽ (ni)	᜾ (no)	᜿ (nu)	᜿ (n)
᜾ (nga)	᜾ (nge)	᜾ (ngi)	᜾ (ngo)	᜾ (ngu)	᜾ (ng)
᜾ (O)	᜾ (pa)	᜾ (pe)	᜾ (pi)	᜾ (po)	᜾ (pu)
᜾ (ra)	᜾ (re)	᜾ (ri)	᜾ (ro)	᜾ (ru)	᜾ (r)
᜾ (sa)	᜾ (se)	᜾ (si)	᜾ (so)	᜾ (su)	᜾ (s)
᜾ (ta)	᜾ (te)	᜾ (ti)	᜾ (to)	᜾ (tu)	᜾ (t)
᜾ (U)	᜾ (va)	᜾ (ve)	᜾ (vi)	᜾ (vo)	᜾ (vu)
᜾ (wa)	᜾ (we)	᜾ (wi)	᜾ (wo)	᜾ (wu)	᜾ (w)
᜾ (ya)	᜾ (ye)	᜾ (yi)	᜾ (yo)	᜾ (yu)	᜾ (y)
᜾ (za)	᜾ (ze)	᜾ (zi)	᜾ (zo)	᜾ (zu)	᜾ (z)
᜾ (kha)	᜾ (khe)	᜾ (khi)	᜾ (kho)	᜾ (khu)	᜾ (kh)
᜾ (tha)	᜾ (the)	᜾ (thi)	᜾ (tho)	᜾ (thu)	᜾ (th)
᜾ (sha)	᜾ (she)	᜾ (shi)	᜾ (sho)	᜾ (shu)	᜾ (sh)
᜾ (tsa)	᜾ (tse)	᜾ (tsi)	᜾ (tso)	᜾ (tsu)	᜾ (ts/ch)
᜾ (᜾a)	᜾ (᜾e)	᜾ (᜾i)	᜾ (᜾o)	᜾ (᜾u)	᜾ (᜾)
᜾ (ca)	᜾ (ce)	᜾ (ci)	᜾ (co)	᜾ (cu)	᜾ (c)
᜾ (qa)	᜾ (qe)	᜾ (qi)	᜾ (qo)	᜾ (qu)	᜾ (q)
᜾ (xa)	᜾ (xe)	᜾ (xi)	᜾ (xo)	᜾ (xu)	᜾ (x)
᜾ (lla)	᜾ (lle)	᜾ (lli)	᜾ (llo)	᜾ (llu)	᜾ (ll)
᜾ (ña)	᜾ (ñe)	᜾ (ñi)	᜾ (ño)	᜾ (ñu)	᜾ (ñ)
᜾ (rra)	᜾ (rre)	᜾ (rri)	᜾ (rro)	᜾ (rru)	᜾ (rr)

APENDISE C

MGA BANTAS NG PINAGYAMANG BAYBAYIN

Bantas	Simbolo	Baybayin
tuldok	.	ᜆ
kuwit	,	ᜇ
tutuldok	:	ᜈ
tuldok-kuwit	;	ᜉ
tandang pananong	?	ᜊ
tandang padamdang	!	ᜋ

APENDISE D

MGA KUDLIT AT TULDIK NG PINAGYAMANG BAYBAYIN

Kudlit/Tuldik	Glif	Kudlit/Tuldik	Glif
kudlit-schwa	ᜆ	balanghay	ᜆ
kudlit-e	ᜇ	kawit	ᜇ
kudlit-i	ᜈ	joker glyph	ᜈ
kudlit-o	ᜉ	paulit-buo	ᜉ
pahantig	ᜊ	patatlo	ᜊ
kudlit-u	ᜋ	tuldik-paiwa	ᜋ
padala-dalawa	ᜌ	tuldik-pakupya	ᜌ
padalawa	ᜍ	tuldik-pahilis	ᜍ
_e_e	ᜎ	_i_i	ᜏ
_o_o	ᜐ	_u_u	ᜒ
_e_i	ᜓ	_i_e	᜔
_o_u	᜖	_u_o	᜙

SANGGUNIAN

- Almario, V. S. (2014). Ang Kaso ng Baybayin at ang Sinaunang Katutubo sa Kulturang Filipino. Paunang Salita sa De Castro, P. A. (2014). *Baybayin: Ortograpiya at mga tuntunin sa pagsulat sa wikang tagalog*; Salin ni Ebreo, Elvin R., Aklat ng Bayan, Komisyon sa Wikang Filipino, Manila.
- MO1. (1999, February 21). Baybayin: Pre-Spanish Philippine writing system. Retrieved from: <http://mandirigma.org/?p=423#:~:text=Baybayin%20is%20a%20pre%20Spanish,%E2%80%9Cto%20spell%E2%80%9D%20in%20Tagalog>.
- Olivares, J.P. (2012). *The Baybayin: Musings on a Forgotten History*. Retrieved from: [https://www.academia.edu/13998928/The\\_Baybayin\\_Musings\\_on\\_a\\_Forgotten\\_History](https://www.academia.edu/13998928/The_Baybayin_Musings_on_a_Forgotten_History)
- De Castro, P. A. (2014). *Baybayin: Ortograpiya at mga tuntunin sa pagsulat sa wikang tagalog*; Salin



- ni Ebreo, Elvin R., Aklat ng Bayan, Komisyon sa Wikang Filipino, Manila.
- [5] Bituin, G. V. Jr. (2013, Agosto 22, 2018). *Ang Baybayin, Ayon Kina Bonifacio, Rizal, At Sa Nobelang "Tasyo"*. Retrieved from: <http://asinsasugat.blogspot.com/2013/08/ang-baybayin-ayon-kina-bonifacio-rizal.html>
- [6] Comandante, B. (2017, August 11). *The Life, Death, and Resurgence of Baybayin*. Retrieved from: <https://www.esquiremag.ph/culture/the-life-death-and-resurgence-of-baybayin-a1962-20170811-lfrm>
- [7] House of Representatives, (2016). House Bill No. 1022, An Act Declaring "Baybayin" as the National Writing System.
- [8] Hosken, M. (2003). *Creating an Orthography Description*. Retrived from: [orthog\\_desc.sxw](http://orthog_desc.sxw)
- [9] Nordenx. (2014, December 11). Baybayin modern fonts. Retrieved from: <http://nordenx.blogspot.com/2014/>
- [10]Morrow, P. (2002, December 29). Isang aralin sa pagsulat ng mga sinaunang Filipino. [http://paulmorrow.ca/baybay2.htm?fbclid=IwAR17HwTpX\\_9qCamfxb6vSRjghio8ztUiJiIZV1DLy6rEA3doyTcp\\_VcKg2k](http://paulmorrow.ca/baybay2.htm?fbclid=IwAR17HwTpX_9qCamfxb6vSRjghio8ztUiJiIZV1DLy6rEA3doyTcp_VcKg2k)
- [11]Morrow, P. (2010, July 14).*Baybayin – The Ancient Script of the Philippines*. Retrieved from: <http://www.mts.net/~pmorrow/bayeng1.htm>
- [12]Presidential Proclamation No. 1128, s. 2021.
- [13]Dacillo, J.C. (2020, December 7). *Are there numbers in Baybayin?*. Retrieved from: <https://www.quora.com/Are-there-numbers-in-Baybayin>
- [14]Wikipedia (2021). *Baybayin*. Retrived from <https://en.wikipedia.org/wiki/Baybayin>
- [15]Komisyon sa Wikang Filipino (2012). *Ortograpiyang Pambansa*. Komisyon sa Wikang Filipino, Metro Manila.
- [16]Wolf, E. (2005, June 23)*The Project Gutenberg EBook of Doctrina Christiania, by Anonymous*. <http://www.gutenberg.org/files/16119/16119-h/16119-h.htm>

#### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).